## ANG PAGLAMPAS

Aralin 5 para sa Agosto 2, 2025

**A ANG BABALA (Exodo 11)**

- ❖ Pagkatapos ng tatlong araw na kadiliman, nagalit si Faraon kay Moises at pinagbawalan siyang bumalik sa palasyo (Ex. 10:28). Ngunit hindi ito masusunod ni Moises, dahil ang buhay mismo ng panganay ni Faraon ang nakataya. Sa kanyang tungkulin bilang "dios" ni Faraon (Ex. 7:1), kinailangan niyang magbigay ng babala kung ano ang kanyang gagawin (Amos 3:7).
- ❖ Ngayon, si Moises ang umalis sa harapan ni Faraon na may galit. Galit sa kanyang katigasan ng ulo at sa kahihinatnan ng kanyang desisyon. Sa kabila ng kanilang paggalang kay Moises, maraming taga-Ehipto ang tumanggi na makinig sa babala (Ex. 11:3).
- ❖ Dumating na ang panahon ng paghatol ng Dios (Ex. 12:12):
  - — Para sa mga palalo, mapagmataas at mapagsamantala: parusa, at obligasyong ibalik ang kinukuha (Ex. 11:4-5, 2)
  - — Para sa masunurin sa mga utos ng Dios: upang palampasin ang kaparusahan, at mapalaya (Ex. 11:7-8)

**B ANG PAGHAHANDA (Exodo 12:1-16)**

- ❖ Detalyadong ipinaliwanag ng Dios kung ano ang dapat nilang gawin upang ang Maninira ay “lumampas” (Pesach, Paskuwa), at ang panganay ay hindi mamamatay:
  - — Sa ika-10 ay dapat silang magtabi ng isang tupa na walang depekto para sa bawat pamilya, o para sa ilang pamilya (Ex. 12:3-5).
  - — Sa ika-14, sa dapit-hapon, ihahain nila ito (Ex. 12:6)
  - — Dapat nilang pahiran ang mga poste ng pinto at pintuan (Ex. 12:7)
  - — Kakainin nila ang karne na ganap na inihaw, na may tinapay na walang lebadura at mapait na mga halaman (Ex. 12:8-10)
  - — Habang nagmamadali silang kumakain, sila ay dapat magbihis at humandang umalis (Ex. 12:11)
  - — Sa pag-alis nila sa Ehipto, patuloy silang kakain ng tinapay na walang lebadura sa loob ng pitong araw (Ex. 12:15)
- ❖ Inihanda ng Dios ang Kanyang bayan upang maunawaan ang Kanyang biyaya, at sambahin Siya (Ex. 12:27b).

**C ANG DUGO AT ANG LEBADURA (Exodo 12:17-23)**

- ❖ Sa ika-14, dalawang elemento ang may mahalagang papel sa seremonya: dugo at lebadura.
- ❖ Dapat nilang alisin ang lebadura sa kanilang mga tahanan at maghurno ng tinapay na wala nito (tinapay na walang lebadura). Dahil malapit na ang pag-alis, wala silang lebadura sa mga unang yugto nito (Ex. 12:17-20). Ang lebadura ay

simbolo ng kasalanan, at ang tinapay na walang lebadura ay sumasagisag ng bagong buhay kay Cristo Jesus (1 Cor. 5:6-8; 2 Cor. 5:17).

- Ang dugo ay may nakaliligtas na elemento. Ito ay kumakatawan sa dugo ni Jesus—na Kanyang ibinuhos sa krus—upang, sa Paghuhukom, ang Dios ay "lampasan" ang hatol sa atin (1 Juan 1:7; 2:1-2).
- Ang hisopo kung saan pangwisik ng dugo (Ex. 12:22) ay isang simbolo ng paglilinis ng kasalanan (Awit 51:7).

**D TANDAAN AT ITURO (Exodo 12:24-28)**

- Bago pa man sila ilabas sa Ehipto, tinuruan ng Dios ang mga Hebreo na pangalagaan ang kanilang kasaysayan sa pamamagitan ng pagsasabi nito sa kanilang mga anak bawat taon (Ex. 12:24-27).
- Mula noon, ang Paglampas o Paskuwa ay magiging isang pagdiriwang ng pamilya. Isang pagkakataon para sa mga magulang na maipasa ang kaalaman ng Dios sa kanilang mga anak.
- Ang kuwento ng pagpapalaya ay dapat ipaliwanag nang detalyado, at personal (Dt. 26:5-9).
- Naglalaman ito ng napakaespesyal na aral para sa atin. Dapat nating ipasa ang ating pananampalataya sa ating mga anak. Dapat nating sabihin sa kanila ang tungkol sa ginawa ng Dios, hindi lamang sa kasaysayan, kundi pati na rin sa ating sariling buhay. Dapat tayong yumukod at sumamba sa Dios sa harap nila (Ex. 12:27).

**E ANG IKA-SAMPUNG SALOT (Exodo 12:29-30)**

- Iniutos ng Faraon na patayin ang lahat ng batang Hebreo nang walang pagbubukod (Ex. 1:22). Itinakda ng Dios ang kondisyonal na kamatayan ng mga panganay lang (Ex. 12:29). Sa bawat bahay kung saan hindi napahiran ng dugo ng kordero, ay may at least isang taong mamamatay (Ex. 12:30).
- Ang paghatol ng Dios ay bumagsak nang buong puwersa sa mga dios ng Ehipto, na kinakatawan ni Faraon (Ex. 12:12).
- Walang dios ng taga-Ehipto ang nagtaas ng kanyang kamay upang tumulong, at hindi rin magawa ni Faraon ang anumang bagay upang maiwasan ang sakuna.
- Tulad ng kay Faraon, ang ating kasalanan ay maaaring makasama sa iba. Ngunit, tulad ni Moises, ang ating katapatan at katatagan ay makapagliligtas sa marami.